

**Mga Uri ng Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi  
para sa mga Kalahok ng Self Determination Program**

Tulad ng tinalakay sa [Mga Madalas Itanong Tungkol sa FMS](#) sa website ng Kagawaran, ang bawat kalahok sa Self-Determination Program ay dapat gumamit ng tagapagkaloob ng Mga Serbisyo sa Pamamahala ng Pananalapi (Financial Management Services, FMS) na inaprubahan ng regional center. May tatlong uri ng mga tagapagkaloob ng FMS: 1. Tagapagbayad ng Bill o Ahenteng Piskal (Bill Payor o Fiscal Agent), ginagamit ang modelong ito kapag ang mga produkto o serbisyo ay binili mula sa isang negosyo; 2. Kasamang Tagapag-empleyo (Co-Employer), ginagamit ang modelong ito kapag gustong ibahagi ng kalahok ang ilan sa mga tungkulin at responsibilidad ng tagapag-empleyo sa FMS at 3. Tanging Tagapag-empleyo (Sole Employer), na kilala rin bilang Piskal/Ahente ng Employer), ginagamit ang modelong ito kapag gusto ng kalahok na maging direktang tagapag-empleyo ng iyong mga nagkaloob ng mga serbisyo.

Ipinapakita sa tsart na ito kung paano nahahati ang mga gawain at responsibilidad sa pagitan mo at ng iyong tagapagkaloob ng FMS.

Mga Gawain	Uri ng Modelo ng FMS		
	Tagapagbayad ng Bill	Kasamang Tagapag-empleyo (Co-Employer)	Tanging Tagapag-empleyo (Sole Employer)
Nagbabayad para sa mga item at serbisyo na tinukoy sa iyong plano ng paggasta mula sa iba pang mga negosyo o vendor	FMS	FMS	FMS
<b>Sino ang Kumukuha sa mga Indibidwal na Nagkaloob ng mga Serbisyo sa Iyo?</b>			
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagpapasya sa mga kakayahang kinakailangan</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw na may tulong mula sa FMS	Ikaw na may tulong mula sa FMS
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagpapasya sa mga sahod at benepisyo</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw at ang FMS	Ikaw na may tulong mula sa FMS
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nag-iinterview sa mga aplikante</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw	Ikaw
<ul style="list-style-type: none"> <li>Bineberipika ang pagiging karapat-dapat ng manggagawa para sa mga kwalipikasyon sa pag-empleyo</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw at ang FMS	Ikaw at ang FMS

<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagpapasya kung sino ang iha-hire na mga tao na magtatrabaho para sa iyo</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw at ang FMS	Ikaw na may tulong mula sa FMS
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagsasaayos para sa mga kinakailangang pagsusuri ng background tulad ng inilarawan sa <a href="#">Direktiba sa mga Background Check ng Tagapagkaloob ng Self-Determination Service</a></li> </ul>	Hindi Naaangkop	FMS at ang manggagawang nais mong i-hire	FMS at ang manggagawang nais mong i-hire
<ul style="list-style-type: none"> <li>Bineberipika na pumasa ang tagapagkaloob sa background check</li> </ul>	Hindi Naaangkop	FMS	FMS
<b>Uri ng FMS</b>			
<b>Mga Gawain</b>	Tagapagbayad ng Bill	Kasamang Tagapag-employo (Co-Employer)	Tanging Tagapag-employo (Sole Employer)
<b>Sino ang Tagapag-employo?</b>	Ang negosyo/vendor na nagkakaloob ng item/serbisyo	Ikaw at ang FMS	Ikaw
<b>Pangangasiwa at Pag-apruba ng Talaan ng Oras (Timesheet)</b>			
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nag-iiskedyul ng manggagawa</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw	Ikaw
<ul style="list-style-type: none"> <li>Pinapangasiwaan ang trabaho</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw	Ikaw
<ul style="list-style-type: none"> <li>Inaaprubahan ang mga Talaan ng Oras</li> </ul>	Hindi Naaangkop	Ikaw	Ikaw
<b>Bayad sa Manggagawa at mga Buwis</b>			
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagbabayad sa manggagawa</li> </ul>	Hindi Naaangkop	FMS	FMS
<ul style="list-style-type: none"> <li>Nagbabayad sa mga kinakailangang buwis sa gobyerno</li> </ul>	Hindi Naaangkop	FMS	FMS

• Kumukuha ng numero ng pag-uulat ng buwis	<b>Hindi Naaangkop</b>	<b>FMS</b>	<b>Ikaw</b>
• Naghahain ng lahat ng pag-uulat ng buwis	<b>Hindi Naaangkop</b>	<b>FMS</b>	<b>FMS</b>
<b>Seguro at Pagtalima</b>			
• Kumukuha ng Seguro sa Pananagutan	<b>Hindi Naaangkop</b>	<b>FMS</b>	<b>Ikaw</b>
• Kumukuha ng Seguro sa Kabayaran sa Manggagawa	<b>Hindi Naaangkop</b>	<b>FMS</b>	<b>Ikaw</b>
• Tinitiyak ang pagtalima sa mga batas sa pag-eempleyo	<b>Hindi Naaangkop</b>	<b>Ikaw at ang FMS</b>	<b>Ikaw at ang FMS</b>
• Bineberipika na tumatalima ang mga serbisyo sa HCBS na may dokumentasyon mula sa RC bago ang pagbabayad	<b>Hindi Naaangkop</b>	<b>FMS</b>	<b>FMS</b>
<b>Pinamamahalaan ang Badyet</b>			
• Tinitiyak na may pondo ang kalahok para sa buong taon.	<b>Ikaw at ang FMS</b>	<b>Ikaw at ang FMS</b>	<b>Ikaw at ang FMS</b>
• Nagbibigay ng buwanang pag-uulat sa paggasta sa kalahok at tagapangasiwa ng serbisyo	<b>FMS</b>	<b>FMS</b>	<b>FMS</b>

Maaaring magbigay ng karagdagang impormasyon ang regional center tungkol sa mga uri ng tagapagkaloob ng FMS. Makikita ang listahan ng mga tagapagkaloob ng FMS sa webpage na [Listahan ng mga Kontak sa FMS](#). Bilang karagdagan, maaari kang tulungan ng iyong regional center na maghanap ng mga tagapagkaloob ng FMS. Dapat isiping makipag-ugnayan ng kalahok at ng kanyang pamilya sa higit sa isang FMS tungkol sa kanilang mga serbisyo.

Ang halaga ng mga serbisyo ng FMS ay dapat pinag-uusapan sa pagitan ng kalahok at tagapagkaloob ng FMS, ngunit hindi dapat lumampas sa [mga maximum na rate](#) na

naka-post sa website ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pag-unlad. Ang mga gastusin para sa mga serbisyong ito ay babayaran mula sa indibidwal na badyet ng kalahok; gayunpaman, hindi maaaring taasan ang indibidwal na badyet para masaklaw ang gastusin para sa FMS.